Ipinagbabawal ng patakaran ng County ang paggamit ng County ng sarili nitong mga mapagkukunan (*halimbawa,* oras ng mga empleyado ng County, mga pasilidad o mga rekord) upang tulungan ang mga awtoridad sa pagpapatupad ng imigrasyon. Ngunit, dahil sa tumataas na aktibidad ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) sa ating komunidad, kami ay nakakuha ng nauunawaan naming maraming tanong tungkol sa kung ano ang gagawin ng County upang matulungan ang mga bata na ang mga magulang ay hindi inaasahang maikukulong ng ICE. Maging panatag na kapag at kung kinakailangan, narito ang County upang panatilihing ligtas ang mga bata sa pamamagitan ng Department of Family and Children's Services (DFCS), na may tungkulin sa pagbibigay ng mga serbisyong nagtitiyak ng kapakanan at kaligtasan ng mga bata sa County ng Santa Clara. Ngunit, mangyaring tandaan na ang pagkakakulong ng isang magulang ay hindi ibig sabihin na kailangan ng isang bata o makikinabang mula sa mga serbisyo para sa kapakanan ng bata. Upang makatulong na ipaliwanag kung kailan at paano kakailanganin ang benepisyo ng mga serbisyo para sa kapakanan ng bata pagkatapos makulong ng ICE, inihanda namin ang sumusunod na Mga Madalas na Katanungan (FAQs) upang masagot ang ilan sa mga katanungan na aming natanggap.

Mga Madalas na Katanungan tungkol sa Imigrasyon at mga Serbisyo para sa Kapakanan ng Bata

- **Ano ang ginagawa ng DFCS kapag mayroong aktibidad sa imigrasyon ng ICE?**

  Ang pangunahing misyon ng DFCS ay panatilihing ligtas at malakas ang mga pamilya sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa komunidad. Madalas na iniisip na ang pagbibigay serbisyong tumitiyak ng kapakanan ng bata ay tungkol sa pagresponde sa mga bata na mga biktima ng pang-aabuso, ngunit ito ay kinabibilangan din ang pagbibigay ng iba't ibang malawak na mga serbisyo upang suportahan at protektahan ang mga bata at pamilya. Ang kadalubhasaan ng DFCS ay ang pagsusuri ng mga pangangailangan ng bata at pamilya at pagbibigay ng mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan na iyan. Dahil sa pagkadalubhasa na ito, kung ang mga bata na ang mga magulang ay ikinulong ng ICE ay nangangailangan ng suporta, handa ang DFCS na alagaan sila. Ang mga serbisyong ibinibigay ng DFCS sa mga pamilya ay kabilang ang pansamantalang matitirahan, pagdadala sa paaralan, at/o pag-aayos ng angkop na tirahan kasama ang mga kamag-anak sa kaso na wala ang mga magulang.

- **Kung makulong ako, magiging responsable ba ang DFCS para sa aking mga anak at aalisin sila sa kaibigan o kapamilya na hiniling kong alagaan ang aking mga anak?**

  Hindi kinakailangan. Nagkakaroon lang ng kaalaman ang DFCS tungkol sa kalagayan ng mga bata kapag mayroong ulat na ibinibigay sa kanila tungkol sa bata, karaniwan ay tungkol sa mga alalahanin ng pang-aabuso o pagpapabaya, at nangyayari ito minsan (nang angkop)

kapag walang tagapag-alaga ang bata na makagagawa ng mga pang-medikal o pang-edukasyon na desisyon para sa kanila. Kapag may iniulat na bata sa DFCS dahil wala silang tagapag-alaga o hindi, halimbawa, makapagbigay ng pahintulot ang kanilang tagapag-alaga sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila sa ospital, ang susunod na hakbang ng DFCS ay mas matutunan kung ano ang kailangan ng bata at ano ang pinamahusay na paraan upang suportahan ang bata. Kung ang bata ay mayroong tagapag-alaga na matutugunan ang mga pangangailangan ng bata ngunit kinakailangan ng suporta sa pagkuha ng legal na awtoridad upang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan, susuportahan ng DFCS ang tagapag-alaga sa pagkuha ng mga papeles o dokumento na kinakailangan nila upang mapangalagaan nang legal at angkop ang bata. Ang mga higit na may kakayahang social worker ng DFCS ay dala-dala sa kanilang mahalagang trabaho ang kaalaman sa pakikitungo at pag-unawa sa may trauma at nag-iisang mayroong kasangkapan sa pagsusuri kung paano tutugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng bawat bata.

Kung mayroong pangyayari kung saan ang kasalukuyang tagapag-alaga ay hindi ligtas para sa bata (*halimbawa,* ang tagapag-alaga ay isang menor na nagbabantay sa bata o isang hustong gulang na nakalista sa California Child Abuse Central Index dahil sa paggawa ng pang-aabuso sa bata o matinding pagpapabaya), gagawa ang DFCS ng pinag-isipan nang husto at may layuning mga hakbang upang makahanap ng iba pang tirahan na ligtas para sa bata, na ***laging*** nagsisimula sa "paghahanap ng pamilya."

- **Ano ang paghahanap ng pamilya?**

  Ang paghahanap ng pamilya ay isang proseso kung saan ang isang social worker ay maghahanap at tutukoy ng mga miyembro ng pamilya ng bata na makapagbibigay ng suporta sa bata, at kung kinakailangan, matitirahan. Ang mga social worker ng DFCS ay mayroong makukuha na mga partikular na kasangkapan upang masuportahan ang mabilis at epektibong paghahanap ng kapamilya. Ang layunin ng DFCS para sa mga batang hindi inaasahang mahihiwalay mula sa kanilang mga magulang ay suportahan at maisakatapuran ang pagsasama-sama muli ng mga bata at kanilang pamilya.

- **Paano gagamitin ng DFCS ang Plano sa Paghahanda ng Pamilya?**

  Nagpoprotekta ang Plano sa Paghahanda ng Pamilya mula sa iyong mga anak na mangailangan ng mga serbisyo sa kapakanan ng bata na ibinibigay ng DFCS sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa iyo na magtalaga ng inihandang angkop na tagapag-alaga para sa iyong mga anak kung hindi inaasahan na hindi mo sila maaalagaan. Kapag ang iyong anak ay mayroong angkop na tagapag-alaga o isang Plano sa Paghahanda ng Pamilya na nagtatalaga ng angkop na tagapag-alaga, maalagaan ng itinalagang tagapag-alaga ang iyong anak at hindi na kinakailangan ang DFCS upang matiyak ang kaligtasan ng iyong anak.

  Maaaring magtalaga ang mga pamilya ng kamag-anak o maaari silang magtalaga ng tagapag-alaga na hindi kamag-anak. Ngunit, maaaring mayroong mga limitasyon sa mga paggawa ng

desisyon sa hinaharap sa mga partikular na sitwasyon para sa mga hindi kamag-anak, tulad ng pang-medikal at pang-edukasyon na mga desisyon. Alinsunod, kung maaari, pag-isipan na magtalaga ng kamag-anak bilang tagapag-alaga ng iyong anak.

Kung ang iyong piniling tagapag-alaga ay walang awtoridad na gumawa ng pang-medikal at pang-edukasyon na mga desisyon sa ngalan ng iyong anak, mayroong kakayahan ang DFCS na suriin ang iyong piniling tagapag-alaga para sa kaligtasan ng iyong anak at suportahan sila sa pagkuha ng mga kinakailangang legal na papeles o dokumento na mayroon upang angkop na maalagaan ang iyong anak. Higit na mahalaga ang mga Plano sa Paghahanda ng Pamilya kung kailangan nilang gumawa ng mga pagsisikap na mahanap ang pamilya para sa iyong anak. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Plano sa Paghahanda ng Pamilya, bisitahin ang website ng Office of Immigrant Relations.

- **Ano ang ginagawa ng DFCS kung ito ay inatasan na mag-alaga para sa mga bata bilang tugon sa aktibidad ng ICE?**

  Bagama't may ilang pagkakataon pa lamang na ito ay nangyari, handa ang DFCS na alagaan ang mga bata dahil ikinulong ng ICE ang kanilang mga magulang. Handa ang DFCS na magbigay ng mga serbisyo at suporta na naaangkop sa pangangailangan ng sinumang bata na nasa aming pangangalaga. Halimbawa, ang DFCS noong nakaraan ay kinontak dahil ang isang magulang ay pansamantalang ikinulong ng ICE. Sa ganoong sitwasyon, nakipag-ugnayan ang DFCS sa abogadong pang-imigrasyon ng pamilya at sa Rapid Response Network upang agarang mangalap ng impormasyon kung ano ang kailangan ng mga anak at saka ipinagpatuloy ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga bata hanggang pinalaya ang kanilang mga magulang.